**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
ISSN: 2704-3010
Volume VI, Issue I
August 2024
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

# MGA EPEKTIBONG ESTRATEHIYA SA PAGTUTURO NG PAGLINANG NG TALASALITAAN SA MGA MAG-AARAL SA FILIPINO

**CATALINA ILAGAN MANIGBAS**
**Teacher III**
San Pascual National High School
catalinamanigbas3@gmail.com

**ABSTRACT**

Ang wika ay isang napakahalagang bahagi ng pag-unlad ng lipunan. Ito ang nagpapayabong sa kultura, nagbibigay daan sa pakikipagtalastasan at pagpapahayag ng mga kaalaman, karunungan at opinyon. Sa pamamagitan ng wika na isasagawa ang pakikipagkomunikasyon sa iba kung saan natututunan at yumayabong ang iba pang kasanayan. Bilang bahagi ng wika, mahalaga ang papel ng talasalitaan sa pag-unlad ng kasanayan sa pakikinig, pagsasalita, pagbasa at pagsulat.

Ang kasalukuyang pag-aaral ay nakatuon sa mga epektibong estratehiya upang malinang ang talasalitaan sa wikang Filipino ng mga mag-aaral sa ika-9 na baitang. Ang mga kalahok sa pag-aaral ay ang mga mag-aaral mula sa Mataas na Paaralang Pambansa ng San Pascual sa San Pascual, Batangas. Ang kasalukuyang pag-aaral ay ginamitan ng deskriptiv o palarawang pamamaraan ng panaliksik. Gumamit din ang mananaliksik ng pre-test /post-test at sarbey kwestyunir upang makapangalap ng mga datos. Batay sa mga natuklasan ng kasalukuyang pag-aaral mula sa pagsusuri ng mga datos na nakalap, naging matagumpay ang mga pamamaraang ginamit ng mananaliksik upang mapalawak ang talasalitaan ng mga mag-aaral. Sa huli, iminumungkahi ng pananaliksik na patuloy na isagawa ng mga guro sa Filipino ang iba't ibang pamamaraan sa paglinang ng talasalitaan upang mapaunlad ang kanilang pag-unawa sa iba't ibang aspeto ng wikang Filipino.

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

***************************************************************************************************

**Context and Rationale**

Ang wika ay isang napakahalagang bahagi ng pag-unlad ng lipunan. Ito ang nagpapayabong sa kultura, nagbibigay-daan sa pakikipagtalastasan at pagpapahayag ng mga kaalaman, karunungan at opinyon. Sa pamamagitan ng wika naisasagawa ang pakikipagkomunikasyon sa iba kung saan natututunan at yumayabong ang iba pang kasanayan. Kung tutuusin, ang wika ang isa sa mga pundasyon ng alinmang sibilisasyon at ng ating kasalukuyang lipunan. Sa patuloy na pag-usbong ng pamumuhay, kasabay nito ang patuloy ding pag-unlad ng kaalaman.

Ayon kay Fahmiati (2016), ang pagtataguyod ng ating talasalitaan ay masasabi na pinakamahalagang bahagi ng isang proseso ng pag-aaral ng wika. Kung walang isang batayang bokabularyo upang gumana, hindi maaaring mag-aral ng gramatika, wala ring ganap na paggamit para sa pagbaybay o ang mga pagsasanay sa pagbigkas at pagsusulat o pagbabasa.

Sa tulong ng pagkakaroon ng kuryusidad ng mga tao at pagbabasa ng iba't ibang babasahin. Dati ang mga kabataang Pilipino ay tanging nahuhumaling lamang sa pagbabasa ng mga libro, dyaryo, tabloid, magasin at marami pang iba. Sa pagbabasa nahahasa ang isipan na nakatutulong upang maunawaan ang isang teksto o babasahin,ang pagbasa ay pagkilala, pag- unawa, pagpapakahulugan at pagtataya ng mga ideya sa mga nakalimbag na simbolo. Ito ay proseso ng pag- unawa sa mga kaisipang hatid ng awtor sa mga mambabasa.

Sa pamamagitan ng pagbasa, nahahasa ang iba't ibang kasanayan ng isang indibidwal (Kapangyarihan, 2013). Hindi maipagkakaila na ang kasanayan sa wika ay isang napahalagang aspeto upang maging matagumpay sa akademiko at sa buhay propesyunal. Ang mainam na pakikipagkomunikasyon bunga ng kasanayan sa wika ay nagbibigay daan sa pagtatamo ng karunungan sa iba't ibang larangan. Sa mga paaralan, binibigyang diin ang paglinang sa apat na aspeto ng wika: pagbabasa, pagsusult, pakikinig at pagsasalita. Ang bawat aspetong ito ay mahalaga sa pagkakamit ng kadalubhasaan sa paggamit ng wika.

Sa alinmang aspeto ng wika hindi maisasantabi ang papel na ginagampanan ng bokabularyo o talasalitaan.

***************************************************************************************************

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

***************************************************************************************************

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume VI, Issue I**
**August 2024**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

Sa ginawang pag-aaral ng mananaliksik ang talasalitaang Filipino ay maituturing na maunlad at dinamiko. Sinabi ni Tapang (2018) na ang salitang bokabularyo ay tinatawag nating talasalitaan (tala o listahan ng mga salita). Dahil mayabong ang wika, at maraming aspeto ang pinagagamitan nito, nakalikha ang tao ng lipon na mga salita na nakagrupo batay sa paraan ng paglikha. Kahit sa pagbubuo ng salita ay isang mahalagang salik na makakatulong sa pagpapayaman ng bokabularyo. Mula sa mga simpleng salita maaaring mapaunlad ng mag-aaral ang kanyang pananalita. Ang bokabularyo ay bunga ng maraming iba't ibang bagay. Ang mga pagbabago sa lipunan o sa kapaligiran ay humuhubog sa pananaw ng mga tao na naghahatid ng mga bagong karanasan at nagbubunga ito ng mga bagong salita. Mahalaga ang maraming alam pagdating sa talasalitaan upang mabigyan ng maayos na interpretasyon ang mga naririnig o nababasa.

Sa aspeto ng pagbasa, sinabi nina Sidek (2015) na ang kahalagahan ng bokabularyo sa pagtukoy ng tagumpay ng isang pag-unawa sa pagbasa ay matagal nang naitatag. Ang kaalaman sa mga kahulugan ng salita at ang kakayahang ma- access ang kaalaman nang mahusay ay kinikilala bilang isang mahalagang kadahilanan sa pag-unawa sa pagbabasa Kapag ang isang mambabasa ay hindi alam ang maraming mga salita sa isang teksto, hinahadlangan ng kundisyong ito ang pagiging epektibo at kahusayan ng pagproseso ng teksto, na hahantong sa mga paghihirap sa mambabasa sa pag-unawa sa teksto. Dahil ang pagkilala sa salita at pag-access sa leksikal ay madalas na pumipigil sa pag-unawa, pagbibigay at pagtuturo ng bokabularyo ay maaaring makatulong na mapabuti ang mga kasanayan sa pag-unawa sa pagbabasa ng mga mag-aaral. Ang mga nag-aaral ng wika ay karaniwang may kamalayan sa kanilang mga limitasyon sa kanilang kaalaman sa bokabularyo kung aling kakulangan ang gagawin hadlangan ang kanilang kakayahan sa matagumpay na pagsasagawa ng mga gawain sa pag- unawa sa pagbabasa.

Sinang-ayunan ito ni Perez (2015) kung saan sinabi niya na ang kakulangan sa pagkilala sa mga salita at leksikong kaalaman ay humahadlang upang maunawaan ang binasa kung kaya ang pagtuturo ng bokabularyo ay makakatulong upang maunawaan ang binasa. Sa pagsulat, ang talasalitaan ang isa sa pinakamahalagang puntos na dapat isalang alang.

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VI, Issue I
August 2024
Available online at https://www.instabrightgazette.com

Ang mas mayamang bokabularyo ay nagngahulugan ng mas malawak na pagtalakay sa paksa. Ang pagpapayaman ng bokabularyo ay katumbas ng pagpapalakas ng pundasyon sa pagkatuto. Ayon kay Cole at Feng (2015), bokabularyo ang isa sa pinakaepektibong kagamitan sa pagtatangka na sumulat. Sa aspeto ng pakikinig, nangunguna ang talasalitaan sa mga sangkap upang maging epektibo ang pag-unawa sa pinakikinggan. Sinabi ni Meyer (2014) na ang talasalitaan ay ang susi upang mabuksan ang pinto ng pag-unawa sapagkat ang kaalaman sa pagunawa sa mga salita ang natatanging pamamaraan upang ma-decode ang mensahe. Ang pagsasalita ay isang pamamaraan ng pakikipagkomunikasyon sa pamamagitan ng paggamit ng mga salita upang maipaabot ang mensahe sa iba. Samakatuwid ang higit na mas mayamang bokabularyo ay lubhang makatutulong upang maging mas malinaw ang nais iparating. Ang talasalitaan ay napakahalaga sa pag-aaral ng wika.

Natatangi ang papel ng bokabularyo sa wika at pag-aaral nito sapagkat ito ay krusyal sa pakikipagkomunikasyon sa ibang tao pasulat man o pasalita. Sa mga nagdaang pag-aaral, binibigyang-diin ang kahalagahan ng mayamang bokabularyo sa kaalwanan ng pag-aaral ng wika ito man ay Inang wika o ikalawang wika. Kung ganoon, anumang konteksto at kalagayan ng pag-aaral, ang kasanayan sa bokabularyo ay magdadala ng mainam na bunga sa mga mag-aaral. Ayon kay Divino (2019), sa pamamagitan ng guro, bilang isa sa may pinakamalaking papel na ginagampanan sa buhay ng mag-aaral, ay makakahanap o makakagamit ng solusyon kung paano maunawaan ng mag-aaral ang mga salitang may malalim nakahulugan. Kinakailangan ng guro na magkaroon ng teknik na maging paraan upang ang isang di- malinaw na bagay ay matukoy at mabigyan ng sapat na pag- intindi.

Nakasalalay sa mga guro ang mga epektibong estratehiya sa paglinang ng tasalitaan ng mga mag-aaral upang maging dalubhasa sa paggamit ng wikang Filipino, sa pamamagitan ng pagiging mapamaraan at matamang paghahanda, malilinang ang talasalitaan ng mga mag-aaral. Ang kasalukuyang pag-aaral ay naglalayong ipakita ang kahalagahan ng paglinang sa talasalitaan ng mga mag- aaral sa Mataas na Paaralan ng San Pascual. Naniniwala ang mananaliksik na sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, maimumulat sa mga mag-aaral ang kahalagahan ng mayamang bokabularyo sa paglinang sa apat na aspeto ng wika.

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VI, Issue I
August 2024
Available online at https://www.instabrightgazette.com

**Innovation, Intervention and Strategy**

Sa layuning matukoy at mailahad ang estratehiya ng mga guro sa paglinang ng talasalitaan ng mga mag-aaral sa iba't ibang aspeto ng wika, ang pananaliksik na ito ay ginamitan ng pamamaraang palarawan (descriptive). Napili ito sapagkat, ito ang makatutugon sa pagtukoy ng kabisaan ng paggamit iba't ibang estratehiya sa paglinang ng talasalitaan batay sa resulta ng pagsusulit, gayundin ang kakayahang umunawa sa iba't ibang aspeto ng wika ang mga mag aaral sa usapin ng paglinang ng talasalitaan. Ito rin ay makapagbibigay daan sa pag-unawa kung paano makatutulong ang iba't ibang estratehiya sa paglinang ng talasalitaan sa mga gawaing pampagkatuto sa wikang Filipino at paano nakatutulong ang mga kasanayan sa pagkatuto sa paglinang ng talasalitaan batay sa pagsusulit at performans ng mga mag-aaral sa Grado 9 pangkat Mahogany.

**Action Research Questions**

1. Ano ang antas ng kakayahan ng mg mag-aaral sa domain ng paglinang ng talasalitaan batay sa resulta ng pagsusulit:
    1.1 Pre test
    1.2 Post test
2. Paano napapaunlad ang kakayahang umunawa sa iba't ibang aspeto ng wika ang mga mag aaral sa usapin ng paglinang ng talasalitaan sa pamamagitan ng:
    2.1 Malawakang Pagbasa
    2.2 Paggamit ng Internet Diksyunaryo
    2.3 Paggamit ng mga larong pantalasalitaan mula sa internet
    2.4 Pagsusulat
3. Paano makatutulong ang iba't ibang estratehiya sa paglinang ng talasalitaan sa mga gawaing pampagkatuto sa wikang Filipino?
4. Ano ang mga gawain ang maaaring ibahagi ng mananaliksik na magagamit sa paglinang ng talasalitaan?

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VI, Issue I
August 2024
Available online at https://www.instabrightgazette.com
****************************************************************************************************

**Action Research Methods**

**a. Participants and/or other Sources of Data and Information**

Ang pag- aaral na ito ay isinagawa sa mga mag-aaral ng Asignaturang Filipino sa Grado 9- Mahogany na may (35) respondents Binubuo ng labimpitong babae at labingwalong lalaki. Sila ay nagmula sa Mataas na Paaralang Pambansa ng San Pascual, bayan ng San Pascual sa lalawigan ng ng Batangas sa Taong Aralan 2021- 2022.

**b. Data Gathering Methods**

Pamamaraan ng sarbey at panayam ang ginamit ng mga mananaliksik. Ang mga instrumentong ginamit ay ang checklist, talaan at talatanungan.

**Discussion of Results and Reflection**

Ang sumusunod na mga talahanayan ay nagpapakita ng mga natuklasan ng pag-aaral na ito batay sa estadistikang pagsusuri. Ang mga natuklasan ng kasalukuyang pag-aaral ay makkita sa mga talahanayan sa ibaba.

1. Ano ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa domain ng paglinang ng talasalitaan batay sa resulta ng pagsusulit:

a. Paunang pagsusulit

b. Panapos na pagsusulit

**Talahanayan 1**
**Paghahambing ng Resulta ng Pauna at Panapos na Pagsusuri**

| Mga Pagsusuri | Mean | SD | Pagkakaiba ng Mean | t-value | p-va |
|---|---|---|---|---|---|
| Paunang Pagsusulit | 13.67 | 2.33 | 10.85 | 9.72 | 0.00314 |
| Panapos na Pagsususlit | 24.52 | 1.42 | | | |

****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
****************************************************************************************************

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VI, Issue I
August 2024
Available online at https://www.instabrightgazette.com

Ang talahanayan 1 ay nagpapakita ng pagkakaiba ng mga mean ng dalawang pagsusuri kung saan ang paunang pagsusuri ay naitala sa 13.67 samantalang ang panapos na pagsusuri ay naitala sa 24.52. Ang dalawang pagsusulit ay may pagkakaiba sa mean na katumbas ng 10.85. Malinaw na mayroong malaking epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral ang isiginawang mga estratehiya sa pagpapalwak ng talasalitaan. Ang t-value at p-value ay 9.71985 at 0.00314 na nagsaad ng mahalagang pagkakaiba sa resulta ng dalawang pagsusuusulit.

Ang resulta ng pretest at post test ay kahalintulad ng pag-aaral na isnagawa ni Valdez (2016) kung saan napatunayan ng kanyang pag-aaral ang malaking pagkakaiba ng dalawang pagsusulit pagkatapos isagawa ang mga interbensyon.

2. Paano napapaunlad ang kakayahang umunawa ng mga mag-aaral sa paglinang ng talasalitaan sa pamamagitan ng:

2.1 Malawakang Pagbasa

2.2 Paggamit ng Online Diksyunaryo

2.3 Paggamit ng mga larong pantalasalitaan mula sa internet

2.4 Pagsusulat

**TALAHANAYAN 2**
**Paglinang ng Talasalitaan sa Pamamagitan ng Malawakang Pagbasa**

| Mga pahayag | Weighted Mean | SD | **Ranggo** | Interpretasyo ng Verbal |
|---|---|---|---|---|
| 1.Ang iba't ibang tekstong aking nababasa ay nagpapayabong sa aking kaalaman sa mga salita | 3.88 | 1.36 | 1 | Lubos na Sumasangayon |

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VI, Issue I
August 2024
Available online at https://www.instabrightgazette.com

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 2.Ang higit na malawak na pagbabasa ay nakatutulong upang mas lumawak ang aking pag-unawa sa mga salita | 3.45 | 2.55 | 3 | Lubos na Sumasangayon |
| 3. Maraming mga bagong salita ang aking nauunawaan mula sa iba't ibang babasahin | 3.66 | 2.33 | 2 | Lubos na Sumasangayon |
| 4. Mabilis kung nauunawaan ang mga salitang nadinig kapag ito ay akin ng nabasa na dati | 3.23 | 2.59 | 4 | Lubos na Sumasangay |
| 5. Nagagamit ko sa makabuluhang talastasan ang mga bagong salitang natutuhan mula sa malawakang pagbabasa | 3.15 | 2.78 | 5 | Lubos na Sumasangayon |

Leyenda: LS- (4) Lubos na Sumasangayon S- (3) Sumasangayon
DS- (2) Di Sumasangayon LDS- (1) Lubos na di Sumasangaayon

Ang talahanayan 2 ay nagpapakita ng estratehiyang malawakang pagbasa bilang bahagi ng mga pamamaraan sa paglinang ng malawak na talasalitaan. Aytem 1 Ang iba't ibang tekstong aking nababasa ay nagpapayabong sa aking kaalaman sa mga salita ang nakapagtamo ng pinakamataas na pagsang-ayon mula sa mga mag-aaral at mayrooong iskor na 3.88 katumbas ng iterpretasyong Verbal bilang Lubos na Sumasang-ayon. Ang aytem 2. Maraming mga bagong salita ang aking nauunawaan mula sa iba't ibang babasahin, ang

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VI, Issue I
August 2024
Available online at https://www.instabrightgazette.com

sumunod na sinang-ayunan ng mga mag-aaral at mayroong mean iskor na 3.66 katumbas din ng Lubos na Sumasang-ayon. Samantala ang Aytem 3 ay binigyang kahulugan din bilang Lubos na Sumasangayon sa mean iskor na 3.55. Pumatak sa ikaapat na ranggo ang Aytem 4 Mabilis kong nauunawaan ang mga salitang nadinig kapag ito ay akin nang nabasa na dati at mayrooong verbal na Interpretasyon bilang Lubos Na Sumasang- ayon batay sa iskor na 3.15. Sa pangkalahatan, mataas ang pagtanggap ng mga mag-aaral sa estratehiyng Malawakang Pagbasa bilang pantulong sa pagpapaunlad ng talasalitaan.

Malaki ang pagkakatulad ng kinalabasan ng estadistikong pagsusuri sa Talahanayan 2 sa pag-aaral na ginawa ni Ferrer (2019) ang aktibong pagbabasa ng mga mag-aaral ng iba't ibang panitikang Filipino upang mas lumawak ang kaalaman sa bokabularyo, kung saan nakita ng mananaliksik ang pag-unlad ng talasalitaan.

**Talahanayan 3**
**Paggamit ng Online Diksyunaryo**

| Mga pahayag | Weighted Mean | SD | Ranggo | Interpretasyong Verbal |
|---|---|---|---|---|
| 1. Ang paggamit ng online diksiyunaryo ay isang mabisang paraan upang maunawaan ang kahulugan ng salitang hindi ako pamilyar | 3.21 | 2.26 | 3 | Sumasang-ayon |
| 2. Malaki ang naitutulong ng pagsangguni sa isang online diksiyunaryo upang malaman ang kasaysayan at gamit ng mga salita | 2.76 | 3.00 | 5 | Sumasang-ayon |
| 3. Ang online diksiyunaryo ay nagagamit ko anumang oras na kailangan ko lalo na kapag ako ay nagbabasa | 3.77 | 2.34 | 2 | Lubos Na Sumasang-ayon |

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VI, Issue I
August 2024
Available online at https://www.instabrightgazette.com

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 4. Malaki ang naitutulong ng online diksiyunaryo sa paghubog ng mga gawi sa pag-aaral | 3.12 | 3.55 | 4 | Sumasang-ayon |
| 5. Ang online diksiyunaryo ay isa sa mga pangunahing kagamitan sa pag-aaral na magpapayaman sa aking talasalitaan | 3.91 | 1.42 | 1 | Lubos na Sumasang-ayon |

Leyenda: LS- (4) Lubos na Sumasang-ayon S- (3) Sumasang-ayon
DS- (2) Di Sumasang-ayon LDS- (1) Lubos na di Sumasang-ayon

Ang talahanayan 3 ay nagpapakilala sa mga datos na nakuha mula sa mga pahayag na may kinalaman sa Paggamit ng Online Diksyunaryo. Ang Pahayag 5: Ang online diksiyunaryo ay isa sa mga pangunahing kagamitan sa pag-aaral na magpapayaman sa aking talasalitaan ang nakakuha ng pinakamataas na pagsang- ayon mula sa mga mag-aaral batay sa mean iskor na 3.91 na may kahulugang Lubos na Sumasang-ayon. Ang Pahayag 3: Ang online diksiyunaryo ay nagagamit ko anumang oras na kailangan ko lalo na kapag ako ay nagbabasa ang sumunod sa ranggo na may katumbas na mean iskor na 3.77 at meron ding interpretasyon na Lubusang Sumasang-ayon. Ang aytem 1: Ang paggamit ng online diksiyunaryo ay isang mabisang paraan upang maunawaan ang kahulugan ng salitang di ako pamilyar ay mayroong mean iskor na 3.21, at nasa ikatlong ranggo, at may interpretasyong Sumasang-ayon. Samantalang ang Aytem 4. Malaki ang naitutulong ng online diksiyunaryo sa paghubog ng mga gawi sa pag-aaral ay nasa ikaapat na ranggo at may mean iskor na 3.21 at nabigyan ng pakahulugang Sumasang-ayon. Ang pinakahuli, Ang Pahayag 1: Malaki ang naitutulong ng pagsangguni sa isang online diksiyunaryo upang malaman ang kasaysayan at gamit ng mga salita ay may mean iskor na 3.21 at mayroon ding pakahulugan na Sumasang-ayon.

Ang resulta ng estadistikong pagsusuri ukol sa paggamit ng online diksyunaryo sa pagpapaunlad ng talasalitaan ng mga mag-aaral ay kahawig ng ginawang pag- aaral ni Perez (2015). Ang paggamit ng online diksyunaryo ay sinang-ayunan din ng mga mag-aaral bilang

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

mabuting estratehiya sa pagpapunlad ng talasalitaan at pag-unawa. Ayon kay Perez (2015), ang kakayahan ng online diksyunaryo na agapayan ang mga mag-aaral sa pagtatamo ng malawak na talasalitaan ay napapanahon at nararapat gawin ng palagian. Ang talahanayan 4 ay nagpapakita ng mga natamong kasagutan sa mga pahayag ukol Paggamit ng mga larong pantalasalitaan mula sa internet. Ang Pahayag 1: Ang mga larong pantalasalitaan mula sa internet ay nakawiwiling paraan upang mapalawak ang aking talasalitaan ang nakakuha ng pinakamataas na pagsang-ayon sa mean na 3.87 at may interpretasyon bilang Lubusang Sumasang-ayon. Nakakuha naman ng mean na 3.82, nasa ikalawa sa ranggo, ang Pahayag 2: Nakatutulong ang mga larong pantalasalitaan mula sa internet upang bumilis ang pagpapalawak ng aking talasalitaan na mayroon ding verbal na interpretasyon bilang Lubusang Sumasang- ayon.

**TALAHANAYAN 4**

**A. Paggamit ng mga larong pantalasalitaan mula sa internet**

| Mga pahayag | Weighted Mean | SD | Ranggo | Interpretasyong Verbal |
|---|---|---|---|---|
| 1.Ang mga larong pantalasalitaan mula sa internet ay nakawiwiling paraan upang mapalawak ang aking talasalitaan | 3.87 | 1.39 | 1 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 2. Nakatutulong ang mga larong pantalasalitaan mula sa internet upang bumilis ang pagpapalawak ng aking talasalitaan | 3.82 | 1.53 | 2 | Lubos na sumasang-ayon |
| 3. Masayang gawain ang paglalaro ng pantalasalitaan mula sa internet kayat mabilis kong natatandaan ang kahulugan ng mga salita | 3.56 | 1.78 | 3 | Lubos na sumasang-ayon |

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 4. Ang larong pantalasalitaan mula sa internet ay maaaring gawin kasama ang aking mga kaibigan/kaklase kahit birtuwal kung kaya't higit na nagiging mabisa ito kapag sabay-sabay kaming natututo. | 3.37 | 2.12 | 4 | Sumasang-ayon |
| 5.Nahamon ng mga larong pantalasalitaan mula sa internet ang aking kakayahang mag-isip kung kayat nakatulong ito upang tumalas ang aking pagtanda sa mga salita | 3.09 | 1.92 | 5 | Sumasang- ayon |

Leyenda: LS- (4) Lubos na Sumasang-ayon S- (3) Sumasang-ayon
DS- (2) Di Sumasang-ayon LDS- (1) Lubos na di Sumasang-ayon

Ang Pahayag 3: Masayang gawain ang paglalarong pantalasalitaan mula sa internet kaya't mabilis kong natatandaan ang kahulugan ng mga salita ay lumagay sa ikatlong pwesto sa ranggo na mayroong mean na 3.56 at may interpretasyong verbal na Lubusang Sumasang-ayon. Ang Pahayag 4: Ang larong pantalasalitaan mula sa internet ay maaaring gawin kasama ang aking mga kaibigan/kaklase kahit birtuwal kung kaya't higit na nagiging mabisa ito kapag sabay-sabay kaming natututo ay mayroong mean na 3.37, ikaapat sa ranggo at may interpretasyong Sumasang-ayon. Ang huling pahayag, Pahayag 5 Nahamon ng mga larong pantalasalitaan mula sa internet ang aking kakayahang mag-isip kung kaya't nakatulong ito upang tumalas ang aking pagtanda sa mga salita ay may mean na 3. 09 at may interpretasyong Sumasang-ayon.

Tulad ng pag-aaral na ginawa ni Gloria (2019), naging mataas din ang pagsang- ayon ng mga mag-aaral sa tulong na ibinibigay ng mga larong pantalasalitaan mula sa internet sa pagpapahusay ng kanilang talasalitaan. Sa pag-aaral ding ito napatunayan ng mananaliksik ang kabutihang dulot ng computer technology bilang instrument sa mahusay na pagtuturo ng wikang Filipino.

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VI, Issue I
August 2024
Available online at https://www.instabrightgazette.com

**Talahanayan 5**
**Pagsusulat**

| Mga pahayag | Weighted Mean | SD | Ranggo | Interpretasyong Verbal |
|---|---|---|---|---|
| 1.Naililipat mula sa pagsulat ang mga kaalaman at talasalitaan tungo sa pakikinig, pagbasa, at pagsasalita | 3.48 | 3.12 | 4 | Sumasang-ayon |
| 2. Nahahasa ng pagsulat ang kakayahan ng manaliksik ng mga bagong salita | 3.92 | 1.28 | 1 | Lubos na Sumasang - ayon |
| 3. Maraming mga bagong salita ang natututuhan kapag sumusulat ng isang paksa | 3.17 | 2.44 | 5 | Sumasang-ayon |
| 4. Isang mabuting paraan upang mapalawak ang talasalitaan ay ang pagtalakay sa isang paksa sa pamamagitan ng pagsulat | 3.69 | 2.25 | 2 | Sumasang-ayon |
| 5. Ang pagsusulat ay nagbibigay ng pagkakataon na maghanap at makatagpo ng mga bagong salita | 3.61 | 1.86 | 3 | Sumasang-ayon |

Leyenda: LS- (4) Lubos na Sumasang-ayon S- (3) Sumasang-ayon DS- (2) Di Sumasang-ayon LDS- (1) Lubos na di Sumasang-ayon

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

Makikita sa talahanayan 5 ang mga pahayag sa estratehya ng pagsusulat bilang bahagi ng pagpapaunlad ng talasalitaan. Ang Pahayag 1: Naililipat mula sa pagsulat ang mga kaalaman at talasalitaan tungo sa pakikinig, pagbasa, at pagsasalita ay naitala sa ikaapat na ranggo at may kabuuang mean na 3.48 katumbas ng verbal na interpretasyon na Sumasang-ayon. Ang Pahayag 2: Nahahasa ng pagsulat ang kakayahang mananaliksik ng mga bagong salita ang nanguna sa mga pahayg na sinangayunan ng mga magaaral bilang bahagi ng mga gawaing pampaunlad ng talasalitaan. Ito ay nakakuha ng mean na 3.92 at may interpretasyong Lubos na Sumasang-ayon. Ang Pahayag 3: Maraming mga bagong salita ang natututuhan kapag sumusulat ng isang paksa ang nakakuha ng pinakamabang mean 3.17 at nasa ikalima sa ranggo at may interpretasyong Sumasang-ayon. Samantala ang Pahayag 4: Isang mabuting paraan upang mapalawak ang talasalitaan ay ang pagtalakay sa isang paksa sa pamamagitan ng pagsulat ay mayroong iskor na 3.69, Lubusang Sumasang-ayon at ikalawa sa ranggo. Ang huling Pahayag: Ang pagsusulat ay nagbibigay ng pagkakataon na maghanap at makatagpo ng mga bagong salita ay ikatlo sa ranggo na mayroong mean na 3.61, nabigyan ng interpretasyon bilang Lubusang Sumasang-ayon.

Ang resulta ng mga datos na nasuri sa Talahanayan 5 ay ay sumasang-ayon sa parehong pag-aaral na isinagawa ni Mercado (2014), kung saan sinabi niya na ang mga mag-aaral ay gumagamit ng mga stratehiyang: kaalaman at paggamit ng context clues at pag-uugnay upang makakuha ng kahulugan ng salita mula sa binabasang teksto. Ang prosesong ito ang umaalalay sa pag-unlad ng kanilang bokabularyo at ng kanilang pag-

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VI, Issue I
August 2024
Available online at https://www.instabrightgazette.com

unawa sa mga salita sa kanilang pagbasa at pagsulat.

3. Paano makatutulong ang iba't ibang estratehiya sa paglinang ng talasalitaan sa mga gawaing pampagkatuto sa wikang Filipino?

**A. Talahanayan 6**
**Mga Estratehiya sa Paglinang ng Talasalitaan sa mga Gawaing Pampagkatuto sa wikang Filipino**

| Mga pahayag | Weighted Mean | SD | Ranggo | Interpretasyong Verbal |
|---|---|---|---|---|
| 1. Higit na mas madaling maunawaan ang mga tekstong binabasa dahil marami akong alam na mga salita | 3.88 | 1.22 | 1 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 2. Nagiging madali ang pag-unawa sa mga salita at pangungusap na aking nadinig sapagkat malawak ang aking talasalitaan. | 3.78 | 1.34 | 2 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 3. Mas napapalawak ko ang aking paksa sa pagsulat sapagkat mas marami akong alam na mga salita | 3.62 | 2.00 | 4 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 4. Mayroon akong tiwala sa aking sarili pagdating sa pakikipagtalastasan sapagkat hindi limitado ang mga salitang alam ko | 3.43 | 3.23 | 5 | Sumasang-ayon |
| 5. Napaglalapit ko ang mga kaisipang ipinahayag sapagkat alam ko ang kahulugan ng mga salitang nabasa at narinig. | 3.72 | 1.87 | 3 | Lubos na Sumasang-ayon |

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

Leyenda: LS- (4) Lubos na Sumasang-ayon S- (3) Sumasang-ayon DS- (2) Di Sumasang-ayon LDS- (1) Lubos na di Sumasang-ayon

Mahihiwatig sa talahanayan 6 ang mataas na pagsang-ayon ng mga mag-aaral sa mabuting epekto ng mga estratehiyang ginamit sa palinang ng talasalitaan sa mga gawaing pampagkatuto sa wikang Filipino. Malinaw sa mga iskor na nakamit ang epekto ng malawak na talasalitaan sa pag-unawa sa pagbasa, pakikinig, pagsasalita at pagsulat. Nangunguna sa mga estratehiyang nakita ng mga mag- aaral ang pahayag 1. Higit na mas madaling maunawaan ang mga tekstong binabasa dahil marami akong alam na mga salita na may kabuuang mean na 3.88, Lubusang Sumasang-ayon. Sumusunod ang Pahayag 2. na mayroong mean na 3.78 at mayroong verbal na interpretasyon na Lubusang Sumasang-ayon. Ang Pahayag 5: Napaglalapit ko ang mga kaisipang ipinahayag sapagkat alam ko ang kahulugan ng mga salitang nabasa at narinig ay nasa ikatlong ranggo at nabigyan din ng interpretasyong Lubusang Sumasang-ayon. Samantala, ang Pahayag 3. Mas napapalawak ko ang aking paksa sa pagsulat sapagkat marami akong alam na mga salita ay nasa ikaapat na ranggo sa mean iskor na 3.62 at nauunawaan bilang Lubos na Sumasang-ayon. Ang huli sa ranggo ay ang Pahayag 4. Mayroon akong tiwala sa aking sarili pagdating sa pakikipagtalastasan sapagkat hindi limitado ang mga salitang alam ko, nakakuha ng iskor na 3.43 at may interpretasyong Sumasang- ayon.

Ang resulta ng pagsusuri sa mga datos ay katulad din ng natuklasan nina Chiu at Manimtim (2018) nagpapakita na ang mga mag-aaral na gumagamit ng estratehiya sa pagpapalawak ng kanilang talasalitaan tulad ng talaan ng mga salita, paggamit ng diksyunaryo at pag-uugnay ng mga salita sa konoteksto ng pangungusap ay higit na mataas ang natamong iskor sa mga gawaing pampagkatutuo sa wikang Filipino.

*****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
